
# Ingat-yaman at Tagakolekta ng Buwis

LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO

José Cisneros
Ingat-yaman

Traducciones disponibles en línea en **sftreasurer.org**
Magagamit ang mga pagsasalin sa online sa **sftreasurer.org**

可通過**sftreasurer.org**在線獲取翻譯




## Magbayad ng Mga Buwis sa Ari-arian Online

Ang pagbabayad online ang pinakamaginhawang paraan para magbayad ng iyong mga buwis sa ari-arian at hinihikayat ka naming gamitin ang opsyon na ito. Pumunta sa sftreasurer.org para ligtas na magbayad sa pamamagitan ng eCheck (walang singil), Credit Card, Debit Card, o ACH. Kung kailangan mong magbayad nang personal, bukas ang aming mga tanggapan sa Munisipyo.

## Magsisimula ang Paghahain ng Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira sa 2025

Inaprubahan ng mga botante ng San Francisco ang Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira (Empty Homes Tax, EHT) noong Nobyembre 2022 at gusto ng Tanggapan ng Ingat-yaman at Tagakolekta ng Buwis na gawing mas madali ito hangga't maaari para sa iyo na sumunod.

**Maikling Pangkalahatang-ideya**

- Sa **Abril 30, 2025** ang unang nakatakdang petsa ng buwis para sa karamihan ng mga may-ari.
- Kung nagmamay-ari ka ng pang-isahang pamilya na bahay o duplex, hindi mo kailangang magbayad ng buwis para sa mga ari-ariang iyon.
- Kung nagmamay-ari ka ng condo sa isang gusaling may 3 o higit pang yunit, sa pangkalahatan, kailangan mong maghain maliban kung pangunahing lugar na tinitirhan mo ang yunit at mayroon kang may-bisang Pagbubukod ng Mga May-ari ng Bahay (Homeowners' Exemption) para sa buong taon ng paghahain ng buwis.
- Tulad ng iyong mga buwis sa kita sa IRS, maraming may-ari ang kakailanganing maghain taon-taon, kahit na wala kang anumang bakante.
- Sa paghahain, hindi nangangahulugang kailangan mong bayaran ang buwis, pero nagbibigay ito ng impormasyong kailangan ng aming tanggapan para tukuyin kung magkano, kung mayroon man, ang kailangan mong bayaran.


**Paghahain at Pagbabayad ng Buwis**

Kung kinakailangan mong maghain ng EHT, gagawin ng aming tanggapan ang lahat ng aming makakakaya para paalalahanan ka sa maraming paraan. Dapat kang makakita ng mensahe sa iyong bill ng buwis sa ari-arian at makakatanggap ka ng abiso mula sa aming tanggapan sa Marso 2025, kapag available na para sa paghahain ang online na form. Kapag naghain ka, kakailanganin mo lang bayaran ang buwis para sa mga yunit na pinanatili mong bakante, o itinuring na nanatiling bakante, nang higit sa 182 araw sa loob ng 2024.

Isa itong bagong buwis, kaya kung sa tingin mo ay hindi mo kailangang maghain o magbayad ng buwis, pero nakatanggap ka ng abiso mula sa aming tanggapan noong Marso, kailangan mong tumugon sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa amin na may pagbubukod ka.

**Higit pang Impormasyon**

Bumisita sa sftreasurer.org/EmptyHomes para matuto pa tungkol sa buwis, kasama ang detalyadong presentasyon at video ng impormasyon sa maraming wika.



## Timeline ng Buwis sa Ari-arian sa San Francisco

**Hulyo**

Ang tagatasa ay magpapadala sa mail sa mga nagbabayad ng buwis ng Abiso sa Tinasang Halaga. May higit pang impormasyon sa sfassessor.org.

**Setyembre**

Aaprubahan ng Lupon ng Mga Superbisor ang mga rate ng buwis sa ari-arian.

**Nobyembre 1**

Dapat natanggap na ng lahat ng nagbabayad ng buwis ang bill ng buwis sa ari-arian. *May higit pang impormasyon sa sftreasurer.org.

**Disyembre 10**

Takdang petsa para sa pagbabayad ng unang installment.

**Abril 10**

Takdang petsa para sa pagbabayad ng pangalawang installment.

*Maaaring magbigay ng mga pangwastong (escape) bill o bill sa karagdagang buwis bilang karagdagan sa taunang bill sa buwis dahil sa pagbabago sa pagmamay-ari o bagong konstruksyon.

## Kailangan ng Tulong?

Nakikipagtulungan ang aming tanggapan sa 311 para magbigay ng serbisyo sa customer sa lahat ng residente at negosyo sa San Francisco. Isumite ang iyong mga tanong sa pamamagitan ng pagpunta sa sftreasurer.org/help-center o pagtawag sa 311 sa loob ng San Francisco.



### Pagtulong sa Mga Taong Nakakaranas ng Krisis - Tumawag sa 911 o 311

Nag-aalala sa kaligtasan ng isang tao sa mga kalye? Pinalawak ng San Francisco ang pangangalaga para sa mga taong nakakaranas ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip o sa paggamit ng kontroladong kemikal. Ayos lang na tumawag para sa tulong!

- Kapag may emergency, tumawag sa 911 at aalamin ng lubos na sinanay na dispatcher kung ano ang nangyayari at magpapadala siya ng tulong.
- O kaya, tumawag sa 311 at may tutulong sa iyong sinanay na ahente sa serbisyo sa customer na maghanap ng tamang serbisyo ng lungsod.

Matuto pa tungkol sa kung aling numero ang tatawagan sa pamamagitan ng pagbisita sa sf.gov/okaytocall.

## Mga Programa ng Tulong sa Buwis sa Ari-arian



### Mga Pagbubukod sa Nakatatandang Mamamayan ng SFUSD

Sa loob ng nakaraang dekada, nag-apruba ang mga mamamayan ng San Francisco ng mga hakbang para magbigay ng pagpopondo sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng SF. Kasama sa mga hakbang na ito ang pagbubukod para sa mga nakatatandang naninirahan sa ari-arian kung nakakatugon sila sa ilang partikular na pamantayan. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa sfusd.edu/seniorexemption.

*Pakitandaan: Ang mga parselang nakatanggap ng pagbubukod sa 2023-2024 AT patuloy na nakakatugon sa mga pamantayan sa kwalipikasyon ay awtomatikong maibubukod sa 2024-2025.*



### Mga Nakatatanda at Taong may Kapansanan

Nagbibigay-daan sa mga kwalipikadong may-ari ng bahay ang Programa sa Pagpapaliban sa Buwis sa Ari-arian ng Tagakontrol ng Estado na ipagpaliban ang mga buwis sa ari-arian sa kasalukuyang taon kung nakakatugon sila sa ilang partikular na pamantayan. Available na ngayon ang mga aplikasyon para sa 2024-2025. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sco.ca.gov at hanapin ang pagpapaliban ng buwis sa ari-arian o tumawag sa (800) 952-5661.

## Mga Karagdagang Mapagkukunan Mula sa Aming Tanggapan



### Libreng Pagpapayo sa Pananalapi

Nagbibigay ang Pagpapayo sa Pananalapi ng San Francisco ng libre, kumpidensyal, at one-on-one na gabay sa pananalapi para sa sinumang naninirahan, nagtatrabaho o tumatanggap ng mga serbisyo sa Lungsod, anuman ang katayuan sa pagkamamamayan. Matutulungan ka ng pagpapayo sa pananalapi na bawasan ang utang, itatag at pabutihin ang iyong credit score, simulan o paramihin ang iyong ipon, at magbukas ng o lumipat sa ligtas at abot-kayang account sa bangko. Bumisita sa sfgov.org/ofe at i-click ang Meet a Financial Counselor (Kumilala ng Tagapayo sa Pananalapi) para mag-iskedyul ng appointment.



### Magtipid para sa Kolehiyo

Ang Kindergarten hanggang Kolehiyo (Kindergarten to College, K2C) ng San Francisco ay programa ng pagtitipid para sa kolehiyo na itinatag ng Tanggapan ng Ingat-yaman at Tagakolekta ng Buwis sa pakikipagtulungan sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Francisco. Awtomatikong nagbubukas ang aming tanggapan ng K2C na savings account para sa kolehiyo para sa bawat mag-aaral sa SFUSD na pumapasok sa kindergarten. Nagsimula kami sa bawat account nang may $50, at may oportunidad ang pamilya na kumita ng karagdagang insentibo para sa pag-iipon. Bisitahin ang sfgov.org/k2c para sa higit pang impormasyon.